*MALAY 31 (2) 2019, pp. 71-83*

# Ang Mauban sa mga Eskalang Lokal, Nasyonal at Global: Sipat sa Kasalimuotan ng Pagbuo ng Pook / *Scaling Mauban: The Complexities of Producing Places*

Nelson Turgo
Cardiff University, United Kingdom
TurgoN@cardiff.ac.uk

Lagi't lagi nating nakikita ang anomang pook kung saan tayo nananahan bilang lokal – yaong sisidlan ng mga personal na relasyon, mga pamilyar na gawain at bagay, kumbaga, yaong espasyong nagkakaloob ng mga ginhawa sa danas, malayo sa mga dahas at impersonal na ugnayang dulot ng atomisadong buhay katulad ng sa lungsod. Sa pagiging lokal ng isang pook, ipinapalagay din na tila ganito na sadya ito, hindi produkto ng maraming proseso ng mga ugnayan at tunggalian, ng mga puwersang panloob at panlabas. Sa kalakhan naman ng mga akademikong pag-aaral, sa usaping panteritoryalidad at heograpikal, ang lokal ay kinikilala bilang yaong malayo sa sentro, yaong hindi urbanisado – ang buhay sa probinsya, sa mga maliliit na komunidad, sa kabukiran, sa mga bayan. Subalit simplistiko ang ganitong mga pagpapalagay sapagkat itinatago nila ang mas komplikadong konstitusyon ng mga pook - ang mga daloy at puwersang humubog at naghuhubog dito. Kaya naman, dapat na lawakan ang pag-unawa sa kairalan ng pook sa pamamagitan ng pagsipat dito, sa kanyang hulagway, gamit ang mga eskalang lokal, nasyonal, at global – upang maipakitang ang inaakalang lokal na kalidad ng buhay ay tigib din pala sa ugnayan sa labas, lagpas sa kanyang teritoryal na hurisdiksyon. Ganito ang sipat na gagawin sa Mauban sa pamamagitan ng pagkatayo ng power plant, Maubanog Festival, ang isla ng Cagbalete, mga pinakamahalagang espasyong kultural at ekonomiya sa Mauban sa kasalukuyan – upang ipakita ang kasalimuotan ng Mauban bilang isang pook na patuloy na nalilikha at binabago sa ating panahon.

**Mga Susing Salita**: global, lokal, Mauban, nasyonal, pook, eskala

*Places where we live are always perceived to be local. Our place is the repository of our personal relations, of everyday activities, in a way, the place of our everyday life bestows us with spaces of comfort, of familiarity and warmth, far from the madding crowd of atomised living redolent in cities. In the perceived locality of places, we always assume that they have always been like that, that their being local is a given, an inherent subjectivity of place, free from the myriad complications of social relations and struggle, isolated from the tensions and friction of external and internal forces. On the other hand, in the academic field, in territorial and geographical studies, what is local is conceptualised to be whatever is far from the centre, whatever is not urbanised, in a way, referring to life in the periphery, in rural areas, in small communities. However, such understanding of place and locality of places hides from us the complexities of producing places. There is a need, therefore, to broaden and complexify our perceiving and experiencing of places by framing them in the scales of*

Copyright © 2019 by De La Salle University

*local, national and global. By doing so, what is perceived to be local is in fact imbued with so much external influences and shot through with the involvement of extra-local forces and significations. This is how Mauban, the locus of the study, will be analysed through three of its important historical moments: the construction of a power plant in one of its districts, the annual staging of Maubanog Festival and the popularity of Cagbalete island to local and international tourists. Through these three historical moments, Mauban is presented in all its complexities, a social construction that is shaped by forces from within and without, a place that is not just local, but is also national and global in so many ways.*

***Keywords***: *global, local, Mauban, national, place, scale*

## Panimula

Sa kalakhan, sinisipat natin ang alinmang bayan o pook na malayo sa sentro sa lente ng pagiging lokal na naggagawad dito ng tila hindi nagmamaliw at kumukupas na awra ng kaibahan mula sa kontemporanyong buhay na iniestruktura ng mga impersonal na relasyon at kapitalistang proseso. Kumbaga, may sadyang hindi nagbabago sa lokal, may ontolohikal na itong kaibahan at kakanyahan. Ayon kay Featherstone:

> […] the term local and its derivatives, locality and localism, have generally been associated with the notion of a particular bounded space with its set of close-knit social relationships based upon strong kinship ties and length of residence. There is usually the assumption of a stable homogenous and integrated cultural identity that is both enduring and unique. In this sense it was often assumed that members of a locality formed a distinctive community with its own unique local culture – something which turns the location of their day-to-day interactions from a physical space into a "place" (47).

At sa pagdanas ng lokal, nangyayari ito hindi sa isang abstraktong lunan kundi sa isang partikular na pook sapagkat alinmang proseso sa buhay ay nagaganap hindi sa kawalan kundi sa kongkretong buhay na pang-araw-araw. Ayon nga kay Swyngedouw:

> All social life is necessarily "placed" or "situated" and engaging place is essential to maintaining the process of life itself. This active "location" of life is, of course, the first sense in which "place" is essential (143).

Paliwanag naman ni Escobar:

> […] place continues to be important in the lives of many people, perhaps most, if we understand by place the experience of a particular location with some measure of groundedness (however, unstable), sense of boundaries (however, permeable), and connection to everyday life, even if its identity is constructed, traversed by power, and never fixed (140).

Kaya naman ang lokal at pook ay laging tila magkasama. Lagi't laging may pook kung may lokal na usapin. Subalit hindi naman ito nangangahulugang ang pook ay laging lokal lamang. Lisya ang ganitong perspektiba sapagkat itinatago ng ganitong pagtingin ang maraming puwersa at impluwensya na bumubuo at nagpapabago sa alinmang pook bilang mga materyal at panlipunang konstruksyon (Hudson). Mahihinuha ito sa paliwanag ni Swyngedouw:

> The mundialisation (global interconnectedness) of social life, particularly – although by no means exclusively – through money and capital circulation, has been the single most sociospatial process, which, in turn, forces particular local(iti)es to adjust to the demands posed by a global economy, polity and culture (143).

Lahat ng pook ay nagbabago sapagkat umiiral ang mga ito batay sa hinuha natin sa kanila. Ang mga pook ay likha ng tao at dahil dito, ang mga pag-alala at paghinuha natin ng pook ay mga usaping pangkasaysayan (Dirlik 15), kultural (Schama; Duncan and Ley), at heograpikal (Gregory; Lefebre; Pile and Keith). Ayon nga sa paliwanag ni Rodman: "Places are not inert containers. They are politicised, culturally relative, historically specific, local and multiple constructions (641)." At dahil nagbabago ang anomang pook, marapat din sabihing, bagama't anomang pook ay maaaring sabihing 'lokal' para sa nakatira rito, hindi naman ito nangangahulugan na may kakanyahan itong laging hiwalay sa labas o sa anomang panlabas na puwersa. Bagama't maaaring sabihing may mga pook na sadyang marhinal, mabibilang na rin talaga yaong may ganap o absolutong pagkahiwalay sa lahat. Kumbaga, ang marhinalidad ng lokasyon ay hindi nangangahulugan ng paghiwalay sa mga gahis ng sentro. Itong pagsipat sa isang pook gamit ang iisang perspektiba, katulad ng lokal, ay pagtalikod sa mas masalimuot subalit mapagpalayang pag-unawa sa danas ng pook at kairalan ng pook mismo.

> Social life is process-based, that is, in a state of perpetual change, transformation, and reconfiguration. Starting the analysis, therefore, from a given geographical scale seems to me to be deeply antagonistic to apprehending the world in a dynamic, process-based manner. (Swyngedouw 140)

Ang Mauban, na siyang paksa sa papel na ito, ay isang halimbawa ng pook na kabahagi ng mas malawak na hayon at hagip ng panlabas na mga puwersa. Ang Mauban bilang isang pook ay bahagi ng mas malawak na mundo bagama't lagi't laging may kakanyahang lokal na kalidad ng buhay. Kumbaga, ang Mauban ay isang nagbabagong pook, sisidlan ng mga nag-uumpugang interes.

Kaya naman, sa papel na ito, nais kong ipakita ang mga nagsasabong na eskalang lokal, nasyonal, at global na siyang nagkakaloob at bumubuo ng kalidad ng danas sa Mauban at kasalimuotan bilang isang dinamikong espasyo ng dati at nagbabago. Sa pagsipat sa Mauban bilang isang halimbawa ng pook na hinubog at hinuhubog ng mga eskalang lokal, nasyonal, at global, ipoproblematisa ang Mauban bilang lokal na hindi lamang lokal, bagkus ay nasyonal din at global. Batay sa paliwanag ni Dirlik:

> A preoccupation with the local that leaves the global outside its line of vision is vulnerable to the manipulation at the hands of global capital which of necessity commands a more comprehensive vision of a global totality. […] The local in the process becomes the site upon which the multifaceted contradictions of contemporary society play out, where critique turns into ideology, and ideology into critique, depending upon the location at any fleeting moment (35).

Sa pamamagitan din ng pagsipat sa pook bilang luklukan ng mga eskala, may pagkatig din sa asersyon nina Gupta at Ferguson:

> We must turn away from the common sense idea that such things as locality and community are simply given or natural and turn toward a focus on social and political processes of place making, conceived less as a matter of "ideas" than of embodied practices that shape identities and enable resistances (6).

Tatlong magkakaiba subalit magkakaugnay na pangyayari sa Mauban ang aking bibigyan ng pansin upang iharaya ang interaksyon ng mga eskalang aking nabanggit. Una, ang pagkakatayo ng power plant sa Mauban noong 2000, ang Maubanog Festival na pinasimulan noong 2003, at kasikatan ng isla ng Cagbalete sa mga lokal at banyagang turista. Ito ang mga ang napili ko mula sa marami-rami na ring mga pangyayari sa Mauban dahil aking ipinapalagay na makikita sa pinakamaigting na danas, ang ugnayan at balitaktakan ng mga eskalang bumubuo sa Mauban bilang isang pook. Dito rin mahihinuha ang komplikasyon ng konstitusyon ng pook kagaya ng Mauban at kung paanong sa mga pangyayaring katulad ng nabanggit, ipinapakita nila ang ugnayan ng Mauban sa labas na nagkakaloob naman ng lokal na kakanyahan nito. Kumbaga, sa pamamagitan ng pagkatayo ng power plant, taunang selebrasyon ng Maubanog Festival at kasikatan ng isla ng Cagbalete, binibigyang-hugis ng mga ito ang halagahin ng eskala sa paggagap natin sa kasalimuotan ng pook bilang tirahan at sisidlan ng kultura, kasaysayan, at mga paggalaw natin sa araw-araw. Ang pag-aaral kung magkagayon ay pagpapaliwanag sa tatlong napiling pangyayari sa Mauban sa lawas ng mga eskala. Sa pamamagitan ng pagsipat sa mga pangyayaring ito bilang kinalabasan

ng interaksyon at komprontasyon ng mga eskala, ipinagpalagay na mas mauunawaan natin na una, walang ontolohikal na kairalan ang pagiging lokal sapagkat produkto ito ng mga interaksyon ng eskala at ng mga puwersang lagpas sa inaakala nating lokal. Ikalawa, inaasahan ding mas mauunawan ang kairalan ng pook hindi bilang nyutral na sisidlan lamang ng mga pangayayari bagkus ito ay mga naratibo ng eskala (scalar narratives) na nagkakaloob ng kasalimuotan sa pook na ating kinabibilangan. Ikatlo, sa pamamagitan ng paghimay sa mga pangyayari gamit ang eskala, at kung paanong masusuri ang mga elemento ng pangyayaring ito sa iba-ibang eskala, nilalayon din ng pag-aaral na ipakita na:

> […] engaging place is inevitably a contradictory process, as it necessarily implies some sort of "creative destruction" or 'destructive creation" of nature/place. (Swyngedouw 143)

Ang kasalukuyang papel ay isang inobatibong pagbibigay-wawa at hugis sa pormasyon ng lokal na kasaysayan ng isang pook katulad ng Mauban kaya naman marapat na banggitin na sadyang multi-disiplinaryo ang lapit nito pagdating sa pagsusuri ng mga datos na ginamit. Nasa pagbuo ng lokal na kasaysayan ang papel kaya maaaring sabihing sa kalakhan ang lapit at dulog ay nasa disiplina ng kasaysayan. Ang tatawirin din naman talaga ay pilapil ng mga pira-pirasong pambayang pangyayari sa Mauban na bubuo naman sa mas organisadong pagbibigay-hugis sa kung ano ang Mauban sa kasalukuyan. Kumbaga, konstruksyon ng danas-pambayan ang tutukuyin sa pag-aaral. At dahil ang mga pangyayaring bibigyang-pansin sa papel na ito ay may kapookan o dili kaya'y lumilikha ng mga pook sa gunita, mangyaring humalaw din ang papel ng kaalaman mula sa disiplina ng heograpiya. Sabihin pa, ang papel ay tungkol din sa mga pook at ang kaniyang iba't ibang hugis at paraan ng paglitaw sa pang-araw-araw na buhay lalo na yaong kapookan ng Mauban sa gunita ng mga taga-Mauban. Sa pinakahuli, isang pag-aaral na kultural ang papel na ito sapagkat may balakin din itong bigyang-pansin ang halagahin ng kultura sa pagbuo ng kasaysayang-bayan at kapookan ng Mauban sa samu't saring panyayari sa nakalipas na maraming taon mula nang ito ay maitatag sa pagtatapos ng ika-16 na daang taon. Alalaombaga, sadyang eklektiko ang lapit ng pag-aaral at mahirap na itundos sa iisang kritikal na lapit at pagtatasa. Harinawa naman na sa triad na ito ng kasaysayan, heograpiya at pag-aaral na kultural ay makabuo ng mas masinsin na pag-unawa at balangkas tungo sa patuloy na pagpapatibay ng Araling Pilipino bilang isang dinamikong larangan ng karunungan lalo na yaong naTutungkol sa kabatiran ng mga pook sa Pilipinas katulad ng Mauban.

Ang Mauban ay isa sa 40 bayan sa Quezon, nasa pagitan ng Atimonan at Real, at kanugnog din ng mga bayan ng Tayabas at Sampaloc. Nasa baybayin ito ng Lamon Bay at dahil dito'y may mahabang dalampasigan. Sinasabing itinatag ito ng mga paring Franciscano noong 1583 sa Pinagbayanan (Barangay Luya-Luya ngayon) bagama't ayon sa tala nina Calleja-Ingles at Villanueva, noong 1677 lamang nabigyan ng pangalan na Mauban ang komunidad ng mga taong naninirahan noon sa Daongang Dumagat (Barangay Daungan ngayon) bilang pagkilala sa katapangan ni Gat Uban, isang Dumagat na tagapagtanggol ng mga naninirahan dito laban sa mga sumasalakay na Moro (tingnan si Turgo, Sina Gat Uban) para sa pagpapaliwanag kung bakit tinawag itong Mauban. Agrikultura at pangingisda ang pangunahing pinagkukunan ng kita ng mga ninirahan dito bagama't ang kalakhan ng kita ng bayan ay mula sa buwis na ibinabayad ng power plant. Ang Mauban ay isang first class municipality at may populasyong 63,819 noong 2015.

## Kabatiran sa Eskala: Sipat sa lawas ng lokal, nasyonal, at global

Pumasok ang nosyon ng eskala sa kritikal na pagbabanghay ng reyalidad kasabay na rin ng pagtatangkang bigyang-unawa ang kompleksidad ng mga heograpikal na ugnayan at kalagayan sa ngangayoning panahon (Brenner; Harvey; Herod and Wright; Jessop; Kelly; MacLeod; Paasi; Sheppard; Wilbanks and Kates) na bunsod naman ng seminal na pag-aaral tungkol sa produksyon ng lunan ni Lefebvre. Ayon nga sa paliwanag nina Herod at Wright, ang paggamit ng eskala sa mga pag-aaral ay tugon sa:

> […] tremendous transformations that our world has been experiencing – deindustrialisation, the growth of international capital flow, the rise of global communication systems, and easier transportation between places, to name just a few – and the feeling that something new is happening to the way in which social life is scaled (4).

Sa paggamit ng eskala bilang kritikal na lapit, mayroon na ring malusog na panitikan dito na nagpapaliwanag sa lawak ng gamit nito sa iba't ibang paksa at disiplina katulad ng political ecology (Brown and Purcell; Cheng and Daniels; Cheng, Cheng and Daniels; Escobar; Lebel, Garden, Imamura; Swyngedouw and Heynen; Windsor and Mcvey), transnational feminism (Conway), knowledge production (Berg); class relationship (Ercan and Oguz; Gough), place making (Lewicka; Nanzer; Smith and Kurtz), at workers' rights and social justice (Gough). Sa pag-aaral tungkol sa Pilipinas gamit ang eskala, limitado ang iskolarsyip bagama't may dalawang dapat na mabanggit. Una, sa pag-aaral ni Adams tungkol sa pagsasakatuparan ng 1986 EDSA Revolution sa Pilipinas (kasama ang Tiananmen Square Revolt sa China at 1955 racial protest sa Amerika), kaniyang ipinakita kung paanong ang scaling ng ugnayan sa komunikasyon ay laging kasapakat sa mga tunggaliang panlipunan. Ikalawa, sa pag-aaral naman ni Kelly tungkol sa konstruksyon ng isang power plant sa Cavite, ipinakita niya kung paanong ang mga diskursong nasyonal at global mula sa Maynila ay ginamit ng mga nasa kapangyarihan sa isang bayan sa Cavite – politiko at kapitalista – upang maisakatuparan ang proyekto. May mga sektor na tumutol naman sa pagtatayo at upang maitundos ang kanilang pagtutol, hindi naman nakadiin lamang sa lokal na eskala ang tunggalian subalit gumamit na rin ang mga tao rito ng diskurso ng global sense of place upang ipagtagumpay ang kanilang laban.

Para sa pag-aaral na ito, higit ang pokus sa pagpapagitaw ng mga eskala sa pook bilang pagpapatibay sa kompleksidad ng pormasyon ng bayan katulad ng Mauban. Kasabay nito, ang pagiging lokal ng anomang danas sa anomang pook ay bunsod na rin at resulta ng ugnayan ng mga eskala, hindi dahil sa may mga pook talagang may kakanyahang lokal sa ontolohikal na pagbanggit. Kaya naman, inaasahang sa paggamit ng konsepto ng eskala, madaragdagan ang ating kritikal na kabatiran sa kasalimuotan ng konstitusyon ng pook at pang-araw-araw na buhay sa Pilipinas na binigyan na ng paunang kabatiran nina Adams at Kelly.

Sa gamit ng eskala, may ilang batayang nosyon na panghahawakan. Kalimitan kapag binanggit na eskala, pumapasok sa diskusyon ang lokal, nasyonal, at global bagama't maaari ring idagdag ang rehiyonal dito, depende sa paksain at datos na mayroon. Bilang kritikal na pagbanggit, may tatlong pangunahing ideya tungkol sa eskala: una, ito ay "way of framing conceptions of reality"; ikalawa, may materyal na datal o epekto ang framing na ito ng reyalidad, kumbaga, ramdam natin ito sa pang-araw-araw na buhay; at ikatlo, ang framing na ito ay laging tagib ng kontradiksyon, isang arena ng tunggalian at laging nagbabago, kung saan ang anomang resulta ay laging may potensyal na muling maglunsad ng iba pang mga pagbabago (Marston; tingnan sina Brown and Purcell; Delaney and Leitner).

> […] the fundamental point being made is that scale is not necessarily a preordained hierarchical framework for ordering the world – local, regional, national, and global. It is instead a contingent outcome of the tensions that exist between structural forces and the practices of human agents (Marston 220).

Dagdag pa, ang eskala ay hindi kongkretong sisidlan ng pangyayari o kahon ng mga pangyayari na may materyalidad. Bagama't ramdam at batid natin ang kanilang kairalan, likha sila ng ating mga paghihinuha. Sila'y mga mental conception ng kabatiran sa reyalidad.

> This multiplicity of scalar levels and perspectives also suggests that scale is neither an ontologically given and a priori definable geographical territory nor a politically neutral discursive strategy in the construction of narratives. Scale, both in its metaphorical use and material construction, is highly fluid and dynamic, and both processes and effects can easily move from scale to scale and affect different people in different ways, depending on the scale at which the processes operates. (Swyngedouw 140).

Hindi umiiral ang eskala na tila boundary ng mga pook na makikita, kagaya ng mga muhon sa bawat bayan o welcome arch na babati sa atin tuwing papasok tayo sa teritoryo ng isang bayan. Ayon nga sa paliwanag ni Adams:

> […] scale as a tool for analysis must be held distinct from scale as an attribute of material reality. Boundaries, such as those of census tracts, zip code areas, cities, states, while providing convenient units of analysis,

> should not be conflated with particular social processes; processes that appear to 'belong' to a particular scale are actually sustained horizontally by relations between same-scale units and vertically by relations with smaller and larger units (420).

Ang pagkakaloob ng kairalan sa mga eskalang ito ay nagbabadya rin naman ng iba pang dimensyon ng mga ugnayang panlipunan. Mahalagang banggitin, magkagayon, na sa pag-unawa sa eskala, dapat mabatid na binibigyang-hugis din nila ang mga ugnayang pangkapangyarihan.

> Similarly, different scalar narratives indicate different causal moments and highlights different power geometries in explaining such events. Scale is, consequently, not socially or politically neutral, but embodies and expresses power relationships (Swyngedouw 140).

Mahalagang banggitin na sa mga eskalang ito natin mawawatasan ang mga tunggalian ng interes na siya namang naghuhubog ng wangis ng pook na ating kinabibilangan.

> Scale is hereby fundamental as it embodies a temporal compromise, solidifies existing power relationships, regulates forms of cooperation, and defines competitive and other power strategies. Scale reconfiguration, in turn, challenges existing power relations, questions the existing power geometry, and, thus, expresses the effects of sociospatial struggles (Swyngedouw 147).

Sa lahat ng ito, masasabing sadyang ang pag-iestruktura ng mga pook ay hindi na makakaigpaw sa konsiderasyon at kabatiran ng eskala at kung paanong sa mga eskalang ito, binibigyang-kasalimuotan at hulagway ng kanilang tagpuan, tunggalian, at ugnayan, ang danas ng buhay sa alinmang pook. Kumbaga, mas lumilitaw at nabibigyan ng karakter ang kakanyahan ng pook at ng mga taong naninirahan dito sa pag-unawa sa papel ng eskala sa pang-araw-araw na buhay. At sa ganitong pagpapalagay marapat na tingnan ang susunod na kabanata.

## Mga Naratibo ng Eskala: Ang danas sa/ng Mauban sa mga pangyayaring pambayan

Upang bigyang-linaw ang kakanyahan ng Mauban bilang produkto ng ugnayan ng mga eskalang lokal, nasyonal, at global at sa paraang ganito'y mabigyang-hugis at lalim ang patuloy na proseso ng pagbabago nito, tatlong magkakaiba subalit magkakaugnay na pangyayari sa Mauban ang bibigyang-pansin: ang pagtatayo ng power plant noong 2000 (tingnan si Turgo, Mga Kumbati), ang Maubanog Festival (Turgo, Doon po sa Mauba'y); at ang kasikatan ng isla ng Cagbalete sa circuit ng mga lokal at banyagang turista. Ang tatlong pangyayarig ito sa kasaysayan ng Mauban ay nagtatampok ng mga eskalang lokal, nasyonal, at global at sa ganang mga sarili'y nagkakaloob naman ng kasalimuotan sa Mauban bilang pook.

Sa simula, nais ko munang bigyang-pansin at pakahulugan ang senyales ng pagpapakahulugan ng eskalang lokal, o kung bakit ang buhay sa Mauban ay lagi't laging sa unang pansin ay may kakanyahang lokal. Sa pamamagitan nito, mabibigyang-paglilinaw ang hulagway din naman ng nasyonal at global.

Ang lokalidad ng Mauban ay unang mahihinuha sa hulagway ng pisikal na kalagayan nito sa iba pang mga bayan sa Quezon. Sa magagawi sa Mauban sa unang pagkakataon, may pakiramdam na parang nasa 'dulo ng mundo' bunsod ng kalayuan nito sa sentro – ang Maynila. Bamaga't may daan papuntang Mauban mula Tayabas at Sampaloc, wala namang daang mag-uugnay sa Mauban sa tatlo pang mga kanugnog na bayan nito, ang Atimonan, Cavinti, at Real. At dahil sa matataas na bundok ang dadaanan mula Tayabas at Sampaloc patungong Mauban, may impresyon na para ngang napakalayo ng Mauban sa lahat. Sadyang marami rin namang ganitong bayan sa Pilipinas, at maaaring ang Mauban ay isa sa mga bayang may heograpikal na kakanyahang kagaya nito.

Sa pagdating din sa Mauban, tipikal sa isang bayan sa probinsya, tila mabagal ang buhay, lalo na sa isang ang danas ay nakasentro sa mabilis at alagwang buhay sa lundsod. Wala ring mall na kalimitang nagpapakilala sa buhay-siyudad (SM o Ayala Malls) o dili kaya naman ay mga kilalang kainan katulad ng Jollibee at McDonald's na tumuturol din sa angking dalahin ng pook bilang may kakanyahang pansiyudad. Sa gabi, tahimik din ang buhay sapagkat walang mga bahay-aliwang kalimitang matatagpuan sa mga lungsod. Maaari ring banggitin ang hulagway ng buhay na

mapapansin sa mga taga-Mauban na kalimitang umiikot lamang sa bahay, lugar ng trabaho, palengke (sa hapon pagkatapos ng trabaho), at simbahan (sa araw ng Linggo at iba pang espesyal na araw). Maaari rin namang gugulin ang Linggo sa pamamasyal sa SM Lucena subalit kalimitang gawi lang naman ito ng mga may maayos na hanapbuhay. Kung maglalakad sa mga kalye, bukas ang pintuan ng mga tahanan at ang mga tao'y nakaupo sa banggerahan o dili naman kaya ay nasa isang umpukan sa kanto, kasama ng mga kaibigan at kapitbahay. Kumbaga, ang uri at galaw ng ganitong buhay ay nagkakaloob sa Mauban ng kakanyahang lokal.

Subalit bukod dito, maaari rin namang silipin ang tatlong pangyayaring binanggit sa unahan bilang mga ekspresyon ng lokal na eskala sa Mauban. Halimbawa, masasabing ang lokal na kakanyahan ng power plant ay nakabatay sa kalakhan sa konstitusyon ng lakas paggawa nito na karamihan ay mula sa Mauban at naninirahan na sa Mauban. Kumbaga, ang lokal na eskalang kinalalagayan ng power plant ay binibigyang-hulagway ng mga taga-Mauban na naninirahan dito at ang lokal na kulturang gumagabay sa mga ugnayan ng nagtatrabaho at ang estruktura ng kanilang mga pang-araw-araw na gawain na nakabatay hindi lamang sa ritmo ng trabaho sa power plant kundi rin sa mga nangyayari sa Mauban. May pisikal ding kapookan ang power plant, sa Cagsiay 1, isang barangay sa labas ng bayan kung saan, ang power plant ay pinapalibutan ng kagubatan at tirahan ng mga nagtatrabaho dito.

Ang Maubanog Festival naman ay pagtatanghal ng kultura at kasaysayan ng bayan na ang tuon ay yaong mga lokal na danas at pangyayari. Sa Maubanog Festival, ang binibigyang-pansin ay ang lokal na industriya (paglalala), mga produktong inaakalang may kakanyahang Maubanin (katulad ng mga lutong pagkain na pinangat, tinutu, at iba pa) at mga pira-pirasong bahagi ng kasaysayan ng Mauban katulad ng pagtatanggol ni Gat Uban sa mga Moro bago dumating ang mga Kastila. Ang lahat ng ito, at iba pa, ay nagkakaloob sa Maubanog Festival ng lokal na kalidad at kasapian sa eskalang lokal.

Sa usapin ng pagsikat ng isla ng Cagbalete bilang isang destinasyong panturista, masasabing ang pagsisimula nito ay nakabatay rin talaga muna sa mga lokal na inisyatiba ng mga nagmamay-ari ng isla, mga taong naninirahan dito at ng kasalukuyan at nagdaang mga lokal na administrasyon. Nakapundar din ang pagbubuo ng imahen ng Cagbalete sa lokal na kakanyahan nito lalo na ang pisikal na karakteristiko nito – ang malawak na aplayang dulot ng hibas, ang puting buhangin at malinaw na karagatang pumapalibot sa isla. Sa isang banda, ang eskalang lokal ng isla ng Cagbalete ay nakaangkla sa pisikal na karakteristiko nito at ang pagtutulungan ng mga naninirahan dito at mga lokal na opisyal upang mabigyan ng hugis-panturista ang isla.

Subalit ang lokal na kakanyahan ng mga ito ay mapanlinlang. Kailangan ang hiraya ng eskala upang malantad ang kanilang nasyonal at global na kakanyahan. Kumbaga, lagi't laging may ugnayan sa iba pang eskala ang mga pangyayarig ito sa Mauban. Kumbaga, dapat lagpasan ang eskalang lokal upang malirip ang kasalimuotan ng konstruksyon ng Mauban bilang pook. Kaya naman, ano at nasaan ang nasyonal at global sa pagtatayo ng power plant, pagdaraos ng Maubanog Festival, at nabalitang demolisyon ng tirahan ng mga naninirahan sa isla ng Cagbalete?

Ang pagsisimula ng operasyon ng power plant sa Mauban noong 2000 ay masusunson at maaaring ikawing sa dalawang puwersa: ang nangyayaring malaganap na brownout sa bansa sa panahon ng panunungkulan ni Corazon Aquino at ang economic liberalisation program na kaniyang pinasimulan na nagbibigay-insentibo sa banyagang kapital na mamuhunan sa bansa. Sa ganitong aspekto, ang pagkakaroon ng power plant sa Mauban ay maaaring basahin bilang function ng mga eskalang tumugma sa kritikal na panahong yaon, ang nasyonal at global. Pambansa ang isyu ng kakulangan ng kuryente sa Pilipinas at bunsod ng epekto nito sa pambansang ekonomiya, kailangang maremedyuhan sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga power plant sa bansa. Ang liberalisasyon ng mga polisiyang pang-ekonomiya naman ay may global na kakanyahan bunsod ng pagkatali ng Pilipinas sa mga polisiya ng IMF-World Bank (Abocejo; Rocamora) at sa global din namang hagip ng neo-liberal market ideology ng mayayamang bansa tulad ng Amerika at Britanya sa panahon nina Reagan at Thatcher noong dekada 80 at 90 (Lindio-McGovern, Okuda). Bagama't hindi naitayo ang power plant sa panahon ni Aquino, ang kaniyang mga taon sa pamumuno ang nagbigay-panimula sa posibilidad ng planta sa Mauban.

Sa panunungkulan ni Fidel V. Ramos, binigyang-pansin niya ang lumalalang problema sa enerhiya sa bansa sa pamamagitan ng pag-anyaya sa mga pribadong negosyante na pangunahan ang pagtatayo

ng mga power plant sa bansa sa pamamagitan ng mga proyektong ginagabayan ng Build-Operate-Transfer (BOT) scheme (Afelor and Ofori). Sa anim na taong panunungkulan ni Ramos, maraming proyektong may kaugnayan sa pagpapahusay ng serbisyong pang-enerhiya at elektrisidad ang napasimulan. Bunsod ng estratehikong kinalalagyan ng Mauban (may dalawang islang nagkakanlong sa mahabang aplaya nito, ang Cagbalete at Alabat), napili ang Mauban sa maraming bayang kinonsidera. Sa mga proyektong ito, kinailangan ang banyagang puhunan upang matugunan ang kakulangan ng puhunan sa bansa. Kaya naman, sa liberalisasyon ng ekonomiya ng Pilipinas na naging tungkuang bato ng pamumuno ni Aquino na ipinagpatuloy ni Ramos, naging malaki ang papel ng mga banyagang mamumuhunan upang maisakatuparan ang mga pambansang proyektong kagaya ng pagtatayo ng mga power plant.

Ang pagtatayo ng power plant sa Mauban, magkagayon, ay isang halimbawa ng salimbayang interaksyon ng mga eskalang nasyonal at global, ang pambansang polisiya tungkol sa pagresolba ng problema sa enerhiya at ang papel ng global na puhunan sa pagtatayo ng mga power plant sa bansa. Sa pamamagitan ng mga polisiya ng pambansang pamahalaan, lalo na sa implementasyon ng Build-Operate-Transfer (BOT) scheme ng pamahalaang Ramos, nabigyang-insentibo ang banyagang puhunan na mag-invest sa bansa. Itong daloy ng global na kapital sa Pilipinas patungo sa isang lokal na pook, ang Mauban, ay pinadaloy ng mga global na estruktura ng pinansya (financial institutions, accountancy firms, at financial consulting companies) at kasundoang pang-ekonomiya ng mga bansa katulad ng APEC at iba pa. Sa kasalukuyan, ang power plant ay pag-aari ng Electricity Generating Public Co (EGCO), isang kompanyang nakabase sa Thailand. Kaya naman, mahalagang sipatin itong pagkakatayo ng power plant sa Mauban, na nagpabago sa maraming aspekto ng buhay sa Mauban, hindi lamang sa lokal na ispesipedidad nito kung hindi rin sa mga gampanin ng mga eskalang nasyonal at global na nagbigay-daan sa kaniyang pagkakatatag. Kung walang pambansang polisiya (eskalang nasyonal) na nagbigay-daan sa pagdaloy ng banyagang puhunan (eskalang global) sa industriya ng enerhiya sa bansa, hindi maisasakatuparan ang konstruksyon ng power plant sa Mauban at ang malaking gampanin nito sa lokal na buhay ng mga naninirahan sa Mauban.

Ang paglikha ng Maubanog Festival noong 2003 ay tugon naman sa malawakang kampanya ng pamahalaang Gloria Macapagal Arroyo sa panahon ng kaniyang panunungkulan na gawing makinarya ng kita at pag-unlad ang turismo sa bansa (tingnan din si Turgo 2016). Subalit hindi naman ang kaniyang pamumuno lamang ang nagsimula nito, marapat banggitin na ito'y pagpapatuloy ng kampanya ng mga nagdaang pangulo mula kina Ferdinand Marcos hanggang kay Joseph Estrada. Sa Mauban, ang naising ito ng pambansang pamahalaan ay naisakatuparan sa pamamagitan ng paglikha ng Maubanog Festival bilang selebrasyon ng kultura at kasaysayan ng Mauban na itinaon sa linggo ng kapistahan ng bayan.

Sa pagdaan ng mga taon hanggang sa kasalukuyan, nagkaroon ng malawakang interbensyon ang mga pambansang ahensya sa pagtiyak na ang Maubanog Festival ay linyado sa good practices ng isang festival. Sa pagkikinis ng Maubanog Festival bilang isang pagdiriwang, kinakailangan ang ayuda ng Department of Tourism (DOT) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA), at ng iba pang mga ahensya ng pamahalaan upang mailahok sa Maubanog Festival ang mga programa at balakin ng pambansang pamahalaan sa turismo sa bansa. Halimbawa, ang festival ay kailangang may tuon din sa "One Town, One Product" na proyekto noon ng pamahalaang Arroyo. Bunsod nito, sa mga unang taon ng Maubanog Festival, itinampok ang lambanog bilang pangunahing agrikultural na produkto ng Mauban at kasabay nito, bilang simbolo ng pagdiriwang. Noong 2012, pinalitan ito at ginawang buli, isang uri ng halamang ginagamit sa paggawa ng sombrero at iba pang mga kagamitan katulad ng banig at mga pandekorasyon sa bahay. Sa gabay rin ng NCCA at mga manggagawang kultural mula sa Maynila, binigyang-hugis ang paglikha ng sayaw na batay sa industriya ng paglalala (weaving) na siya ngayong itinatanghal sa demonstrasyon ng sayaw ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan sa Mauban bilang bahagi ng mga gawain sa Maubanog Festival. Lagi't lagi ring dumadalo ang mga opisyal ng Mauban sa mga pagsasanay panturismo na pinangungunahan ng mga pambansang ahensya upang sa ganoon ay itugma ng Mauban ang pagdiriwang nito sa mga kahingian ng mahusay na festival. Kaugnay naman ito ng paglikha ng kakaiba sa Maubanog upang maging bahagi ng mas kaakit-akit na panorama ng Pilipinas bilang mecca ng mga banyaga at lokal na turista.

Sa Maubanog Festival, ang Mauban ay naging

bahagi ng pambansang proyektong makalikha ng mga ispektakulong pagtatanghal sa lokal na kultura ng bansa. Kasabay nito, sa bahagi naman ng Pilipinas, bilang bansang nagnanais na mailagay sa mapa ng pandaigdigang turismo, kinakailangang makabuo ang pambansang pamahalaan ng koleksyon ng mga kasayahan sa bansa na magtatanghal sa Pilipinas nang may wow factor at may pagbanggit na 'it's more fun in the Philippines.' Kumbaga, ang Pilipinas ay dapat makilala bilang isang global tourist destination at bunsod nito, kailangan ang isang pambansang paggalaw upang maisakatuparan ito sa pamamagitan ng mga lokal na pista at kasayahan sa buong bansa. Sa lahat ng ito, malinaw ang interaksyon ng pambansa at global na eskala sa paglikha ng Maubanog Festival sa Mauban bilang tanghalan ng lokal na kultura.

Kaugnay ng paglago ng turismo ng Mauban kung saan ang Maubanog ay inaasahang may malaking papel na gagawin, ang pag-ilanlang ng isla ng Cagbalete simula ng taong 2005 bilang pangunahing destinasyon ng mga turista sa Mauban ay kagulat-gulat. Hindi katulad ng Maubanog na ang lokal na pamahalaan ang siyang nanguna sa paglikha, samu't saring puwersa naman ang nagkaloob ng kasikatan dito na maaaring hanguin sa eskalang nasyonal at global. Sa usapin ng pagsigla ng interes sa isla ng Cagbalete, malaki ang gampanin ng social media lalo na ng Facebook, Instragram, at Twitter sa paghulma sa isla ng Cagbalete bilang isang premyadong pasyalan sa bansa. Tinatayang mula buwan ng Marso hanggang Hulyo, mga panahong hindi pa malalaki ang alon sa dagat at komportable ang paglalakbay sa bangka (kalahating oras ng layo ng Mauban sa isla ng Cagbalete), sa mga araw ng Sabado at Linggo, hindi lalagpas sa 5,000 turista ang pumapasyal sa isla. Malaki itong pagbabago kompara sa dati kung saan tuwing Semana Santa lamang nagkakaroon ng maraming bisita ang Cagbalete.

Bagama't ang pagsasaayos ng Cagbalete bilang isang premyadong pasyalan ay nagsimula pa noong dekada 90 sa pangunguna ni Punong Bayan Ferdinand V. Llamas (ama ng punong bayan ngayon), nito lamang talagang pagsigla ng paggamit ng social media ganap na nabigyang-pansin ang ganda ng isla at nabuksan ang oportunidad upang dalawin ito ng mga turistang lokal at banyaga. Sa kasalukuyan, mayroon nang 11 resort sa isla. Kaya naman, masasabing bagama't kaagapay ng lokal na eskala ang paglikha ng Cagbalete bilang premyadong pasyalang panturista, ang national at global platform ng social media at ang kakayahan nitong i-magnify at lagpasan ang inaasahang reyalidad ng mga pook ang nagpasidhi sa katanyagan ng Cagbalete. Kumbaga, bunsod ng viral quality ng mga larawang nakikita sa social media, at ang pang-global na oryentasyong ipinakikita nila, na tila ang Cagbalete ay wala sa Pilipinas sapagkat nakikita na rin sa mga website na hindi nakabase sa bansa, lumikha ng malaking interes ito sa mga manlalakbay. Kasabay rin naman ng demokratisasyon ng paglalakbay at pagpapahusay ng infrastrakturang magdurugtong sa Mauban sa Maynila, dumagsa ang turista sa isla. Sa ganitong perspektiba, ang pagsasanib ng mga eskalang nasyonal at global ay naglundo sa paglikha ng isla ng Cagbalete bilang pangunahing dahilan ng pagdagsa ng mga turista sa Mauban.

Ang isla ng Cagbalete sa ngayon ay hinubog at patuloy na hinuhubog ng interaksyong nasyonal at global na eskala. Katulad din naman ng Maubanog Festival, inaayudahan ng pambansang pamahalaan ang lokal na pamahalaan na masiguro ang sustainability ng turismo sa isla sa pamamagitan ng mga polisiya at batas. Dagdag pa, ang patuloy na pagdagsa ng mga lokal na turista sa Cagbalete ay nagbibigay-hugis naman sa mga pagbabago sa mga pasilidad at gawain sa isla upang masiguro na ang Cagbalete ay di nalalayo sa iba pang mga tourist destination sa bansa. Sa papamagitan naman ng global platform na Facebook, Instragram at Twitter, patuloy ang produksyon at distribusyon ng mga imahen ng Cagbalete sa buong mundo bilang isang ideyal na pasyalan, na ang dalampasigan ay humahalik sa ginintuang labi ng takip-silim. Bunsod ng kapangyarihan ng social media, dinadagsa na ang isla ng Cagbalete ng mga dayuhang turista. Kamakailan lamang, binisita ang Cagbalete ng isang Canadian blogger na nasa likod ng sikat na Facebook group na BecomingFilipino. Hindi aksidente ang kaniyang pagdating sa isla. Bunsod na rin ito ng kaniyang mga nauna nang narinig at nakita sa social media na may kaugnayan sa Cagbalete. Ang kaniyang pagbisita at pagpo-post ng mga larawan ng kaniyang adventure sa isla ay pagpapatuloy ng tila walang katapusang pagtatampok sa Cagbalete sa global na imahinasyon ng mga manlalakbay. Kinukuwadro ang Cagbalete ng global na imahen bilang isang pook na napanatili ang lokal na kakanyahan sa gitna ng mabilis na daloy ng modernong buhay. Subalit kabalintunaan ito sapagkat ang lokal na kalidad na ito ng buhay sa Cagbalete ay likha na ng salimbayang puwersa ng eskalang nasyonal, at global.

## Ang halagahin ng eskala sa pagbubuo ng pook

Ang alinmang pook ay resulta ng mga proseso at ugnayang di lamang panloob kundi kasama na rin ang mga puwersang panlabas. Sa kasalimuotan na ito ng pook at ng kaniyang paglikha, mainam na bigyang-daan natin ang halagahin ng eskala sa pag-unawa sa mga ugnayan at prosesong nagbuo ng hulagway ng pook na ating kinabibilangan. Mahalagang mabigyang-pansin ang papel ng mga eskala upang malantad ang magkakaibang interes na nagbigay-hugis sa pook. Mataginting ang importansya ng eskala sapagkat ipinakikilala nito ang pook hindi bilang isang istatikong sisidlan ng mga tao, relasyon, at pangyayari bagkus ay "open, discontinuous, relational, and internally diverse" (Hudson 257).

Ang pagsasalamuha ng mga eskalang lokal, nasyonal, at global ay naggagawad ng karakter sa pook at siya ring nagbibigay-hugis sa mga tunggalian ng interes ng mga taong naninirahan dito. Kumbaga, mahalagang mabigyang-konseptuwalisasyon din natin ang mga puwersang hindi nakikita o nagtatago sa mga estruktura o aktuwasyon ng ating mga kaharap sapagkat bunga ang mga ito ng interaksyon ng mga eskala ng mundo.

Halimbawa na, sa kalakhan, maaaring tingnan ang Mauban bilang luklukan ng mga tradisyonal na gawi at kabatiran, lalo na nga at isa itong bayang nag-aangkin pa rin ng kakanyahang rural. Ang kalayuan din nito ay naghihiraya ng pook na may kairalang masasabing hiwalay sa danas sa siyudad. Ito ang pook na ang daloy ng panahon ay hindi mabilis at ang pakikisalamuha ng mga naninirahan sa bawat isa ay may ritmo ng sinseridad na tila mahirap nang hanapin sa ngangayoning panahon. Kumbaga, bagama't ang aspirasyon ng marami sa atin ay ang pagkakaroon ng modernong buhay na kinakatawan ng komportableng paninirahan, pakikidulog sa buhay na ginagabayan ng pinakabagong teknolohiya, itong buhay na sakbibi ng panggigipupos sa sanlaksang imahen ng nasa at nais ay naghihimok rin ng ating pagbabalik sa pinakabasehang pagdanas ng buhay – ang buhay-lokal. Kaya naman, ganito ang hiraya ng Mauban sa mga pumapasyal dito.

Subalit ang hiraya ng lokal at itong pigurasyon ng eskalang lokal ay hindi nangangahulugan ng kawalan ng iba pang mga eskalang magkakaloob ng kasalimuotan sa mga pook. Sa kaso ng Mauban, ang Maubanog Festival, ang isla ng Cagbalete, at ang pagtatayo ng power plant sa Mauban ay mga manipestasyon ng interbensyon at pakikialam ng iba pang mga eskala. Binigyang-hugis ng eskala ang mga hulagway ng ugnayan sa Mauban at ang danas ng mga pangyayarig isinalang sa pagsusuri.

Sa punto ng nasyonal at global, mahalagang banggitin na naggagawad ang kanilang hiraya ng pagbabago sa mga hilatsa ng nakikita at dinaranas, kumbaga, mayroon silang kakayahang baguhin ang mga tanawin, ang mga estruktura at gayundin naman ang mga relasyon at danas ng pook. Sa kaso halimbawa ng Maubanog Festival, sa pamamagitan ng pakikilahok ng mga ahensya ng pambansang pamahalaan, nabigyang-puwang ang proyektong nagtatampok sa isang produktong pambayan. Kaya naman sa mga unang taon ng Maubanog, nabigyang-pansin ang produksyon ng lambanog at naaligaga ang mga magsasaka at negosyanteng gumagawa nito. Nabigyan sila ng ayuda at teknolohiyang lumikha ng lambanog ayon sa kahingian ng merkado. Kaya naman, hindi na lamang tipikal na lambanog ang nalikha at ipinapakita sa eksibit tuwing Maubanog kundi yaon ding mga kakaibang flavour ng langka, liputi, catmon, at iba pang prutas na mayroon sa Mauban. Nagkaroon din ng mga negosyong naglalako ng lambanog mula sa Mauban na hindi lamang limitado sa bayan kundi sa ibang pook na rin kasama na ang Maynila. Sa ganitong kalakaran, lumawak ang merkado ng lambanog mula sa Mauban at nabigyang-hugis ang pag-igpaw ng Mauban, na kinakatawan ng produkto nito, mula sa pagkakakulong sa sariling teritoryo. Kasabay nito, ang pagsasaayos din ng mga gawain sa linggo ng Maubanog ay pagtiyak na ang pagdiriwang ay naaayon sa porma ng mga inaasahang festival sa bansa. Halimbawa, katulad din ng maraming pagdiriwang sa Pilipinas, may street dancing na isinasagawa sa Maubanog, manipestasyon ng kaisahan ng Maubanog sa iba pang mga pagdiriwang sa bansa. Kumbaga, hinuhugis ang wangis ng Maubanog ayon sa pangangailangan at nais ng nasyonal na eskala sa pag-aakalang mas maitatampok sa ganitong paraan ang lokal na kaibahan, kung magkagayon ay ang lokal na eskala, ng pagdiriwang. Ang Maubanog Festival kung gayon, ay tagpuan din ng iba't ibang interes – indibidwal at grupo – na pinadadaloy sa mga eskalang lokal at nasyonal.

Marapat ding banggitin na sa pagdawit ng nasyonal na eskala sa konstitusyon ng Mauban, hindi lamang naman ang opisyal na diskurso ng pambansang

pamahalaan ang nababandila kung hindi rin ang gahis ng global na eskala sa porma ng social media. Bilang showcase ng tourism development at matagumpay na kampanya ng pambansang pamahalaan na linangin ang mga pook sa Pilipinas bilang destinasyon ng mga lokal at banyagang turista, nabigyang-puwang ang kairalan ng Cagbalete sa imahinasyon ng mga global na manlalakbay. Sa pamamagitan ng social media, kumalat ang kakaibang kagandahan ng isla na siya rin namang nagdulot ng exposure nito sa sirkulo ng mga turistang laging naghahanap ng kakaiba at bago. Sa pagsikat ng Cagbalete bilang isang tourist destination, pilit na pinayayabong nito ang lokal na kakanyahan sa kabila ng pagsisikap naman ng lokal at pambansang pamahalaan na itaas ang kalidad ng mga serbisyo at pasilidad ng mga resort nito sa sa antas na tanggap sa pambansa at global na komunidad. Sa ganitong kalakaran at sa patuloy pagdagsa ng mga lokal at banyagang turista sa Cagbalete, ang isla ay hindi na lamang pag-aari ng Mauban, bagkus may nasyonal at global na proprietorship na rin ito. Sa kapangyarihan ng social media, ang Cagbalete ay tila Bali na rin, o Phuket, depende sa panlasa at oryentasyon ng turista. Kaya maaaring sabihin ng papasyal sa kaniyang unang pag-apak sa pino at puting buhangin ng isla na tila siya ay nasa isang dalampasigan sa #Thailand o kaya'y isang #paradise, isang #perfectbeach para sa #restlessspirit kung saan #theworldismyoyster. Sa kapangyarihan ng hashtag, ganap na ang transformasyon ng isla ng Cagbalete bilang isang lokal na pasyalang hinubog ng mga nasyonal at global na eskala.

Nagkaroon din ng direktang epekto ang transformasyon ng Cagbalete bilang isang tourist hotspot sa buhay ng mga tagaisla at sa mismong mamamayan ng Mauban. Sa pagsigla ng turismo sa isla, lumawak ang maaaring pagkunan ng hanapbuhay ng mga tagaisla. Hindi na lamang pangingisda ang pinagkukunan ng kita, bagkus dumagdag na rin ang service sector. Maraming mga tagaisla ang nakahanap ng trabaho sa mga resort, nagtayo ng sariling mga island souvenir business, at marami pang iba. Sa mga naninirahan naman sa Mauban, nagbukas din ito ng oportunidad sa marami. Dumami ang mga restaurant sa bayan at nagbukas din ang ilang lodging houses para sa mga turistang hihimpil sa bayan bago tumungo ng isla. Sa kalakhan, ang kasikatan ng Cagbalete ay nagdulot ng pagbabago sa economic at social landscape ng Mauban.

Ang kairalan ng power plant sa Mauban ay masasabing pagpapakita naman ng global na eskala, katuwang ng nasyonal, na gawing kongkreto ang manipestasyon ng global na kapital. Sa pamamagitan ng power plant, nakibahagi ang Mauban sa maraming bayan sa Pilipinas na naging node ng daloy ng global na kapital. Kinakatawan din ng power plant ang pagsasamodernisa ng imahe ng Mauban sa pamamagitan ng presensya ng pinakabagong teknolohiya ng elektrisidad na masasabing nagsisimbolo naman ng kasapian ng Mauban sa yumayabong na ekonomiya ng bansa. Sinasagisag din ng power plant ang aspirasyon ng Mauban bilang isang lokal na komunidad na mabigyang-hugis ang modernistang mga hakbangin nito sa pamamagitan ng global na kapital na mag-aangat sa buhay ng mga taga-Mauban. Kaya naman, mula ng mag-operate ang power plant, sa pamamagitan ng buwis na ibinabayad nito, nakapagtayo ang Mauban ng isang makabagong munisipyo, mga gusaling pampaaralan, dagdag na mga proyektong pangkabuhayan, at mas mahusay na serbisyong pampubliko (Turgo 2016). Sa pamamagitan nito, may potensyal na maging kabahagi ng modernong mundo ang Mauban pagdating sa maalwang buhay, salamat sa daloy ng global na kapital, at mga eskalang nasyonal at global

.

## Paglalagom

Sa pag-aaral na ito, binigyang-diin ang halagahin ng pook sa ating ngangayoning panahon sa kabila ng paniniwalang ang mobilidad ng marami sa atin at ang epekto ng globalisasyon ay nagbubungkal ng ating mga angkla sa pook na pinaninirahan. Sadyang mahalaga pa rin talaga ang pook sapagkat ayon nga kay Escobar:

> […] place continues to be an important source of culture and identity; despite the pervasive delocalisation of life, there is an embodiment and emplacement to human life that cannot be denied (Escobar 2008).

Sa pagsasabing mahalaga pa rin ang pook, di naman dapat sipatin at unawain ang mga dinamiko ng pag-iral nito sa simplipikadong batayan. Kaya naman, ipinakita kung paanong ang mga pangyayari sa kasaysayan ng isang pook katulad ng Mauban ay maaaring unawain bilang kasalikop ng mga eskalang lokal, nasyonal, at global na naglalantad naman sa kasalimuotan ng pook.

Ang pagiging lokal ng anomang pook ay hindi bunsod ng sadyang intrinsikong kakanyahan ng pagiging lokal nito bagkus dapat makita ito bilang produkto ng pagsasalikop at interaksyon ng mga eskala. Ang Mauban ay isang pook na kabahagi ng mga dinamikong prosesong may ugnay sa mga eskalang nasyonal at global.

Sa pamamagitan ng tatlong sandali sa kasaysayan ng Mauban, ang Maubanog Festival, ang kabantugan ng isla ng Cagbalete, at ang pagtatayo ng power plant, ipinapakita ang isang bayang patuloy na nagbabago at pinagbabago ng mga taong naninirahan dito na may ugnayan naman sa mga estruktura at prosesong panlabas. Ang Mauban ay isang pook na patuloy na nagbabago subalit lagi't lagi, para sa mga taga-Mauban na naninirahan sa labas ng Mauban at sa mga bisita, ang Mauban ay pook na maaari nilang puntahan upang takasan ang buhay-siyudad, ang frenetic na buhay sa sentro. Subalit ang pagiging lokal ng Mauban ay hindi nangangahulugan na hiwalay ito sa mga proseso sa labas, sa mga eskalang nasyonal at global. Bagkus, ang kairalan ng pagiging lokal ng Mauban na iginagawad ng tatlong pambayang pangyayaring binanggit sa pag-aaral na ito ay bunsod ng pakikipagtalamitan ng lokal na eskala sa mga eskalang nasyonal at global. Kung ganito natin sisipatin ang pook, maaaring maglunsad ito ng politikal na pagtindig na may alternatibo sa nakamulatan at nakasanayan, at kung ganoon ay mapagpalaya.

## SANGGUNIAN


Abocejo, Ferdinand. "The impact of International Monetary Fund (IMF) StructuralAdjustment Policies (SAP) on the Philippines." Recoletos Multidisciplinary Research Journal 2.1 (2014): 20-25. Print.

Adams, Paul. C. "Protest and the scale politics of telecommunications." Political Geography 15.5 (1996): 419-441. Print

Alfelor, Winifredo. M. and Ofori, George. "Facilitating Build-Operate-Transfer Projects in the Philippines Amid Asian Financial Turmoil." CIB W55 and W65 Joint Triennial Symposium. 1999. Cape Town, South Africa. Conference.

Berg, Lawrence. D. 2004. "Scaling knowledge: Towards a critical geography of critical geographies." Geoforum 35 (2004): 553-558. Print

Brenner, Neil. "The limits to scale? Methodological reflections on scalar structuration." Progress in Human Geography 25.4 (2001): 591-614. Print.

Brown, J. Christopher. and Purcell, Mark. "There's nothing inherent about scale: Political ecology, the local trap, and the politics of development in the Brazilian Amazon." Geoforum 36 (2005): 607-624. Print

Calleja-Ingles, Genoveva. *Kasaysayan ng Mauban*. San Juan, Maynila. 1956. Print.

Cheng, Antony S. and Daniels, Steven E. "Examining the interaction between geographic scale and ways of knowing in ecosystem management: A case study of place-based collaborative planning." Forest Science 49.6 (2003): 841-854. Print.

Cheng, Antony S., Cheng, Anthony S., and Daniels, Steven E. "Getting to "We": Examining the relationship between geographic scale and ingroup emergence in collaborative watershed planning." Society for Human Ecology 12.1 (2005): 30-43. Print.

Conway, Janet. "Geographies of transnational feminisms: The politics of place and scale in the World March of Women." Social Politics 15.2 (2008): 207-231. Print.

Delaney, David and Lietner, Helga. "The political construction of scale." Political Geography 16.2 (1997): 93-97. Print.

Dirlik, Arif. *Places and politics in the age of global capital*. Lanham, MD: Rowman and Littlefield, 2001. Print.

Duncan, James and Ley, David. *Place/culture/representation*. London: Routledge, 1994.Print.

Ercan, Fuat. and Ogiz, Sebnem. "Rescaling as a class relationship and process: The case of public procurement law in Turkey." Political Geography 25 (2006): 641-656. Print.

Escobar, Arturo. "Culture sits in places: reflections on globalism and subaltern strategies of localization." Political Geography 20 (2001): 139-174. Print

Escobar, Arturo. *Territories of difference: Place, movements, life, redes*. London: Duke University Press, 2008. Print

Featherstone, Mike. *Undoing culture: Globalization, postmodernism and identity*. London:Sage, 1996. Print.

Gough, Jamie. Workers' strategies to secure jobs, their uses of scale, and competing economic moralities: Rethinking the 'geography of justice'. Political Geography 29 (2010): 130-139. Print.

Gregory, Derek. 1994. Geographical imaginations. London: Blackwell Publishers. Print.

Gupta, Akhil and Ferguson, James. eds. *Culture, power, place: Explorations in critical anthropology*. London: Duke University Press, 1997. Print.

Harvey, David. *The condition of postmodernity*. Oxford: Blackwell Publishing, 1990. Print.

Herod, Andrew. and Wright, Melissa. W. *Geographies of power: placing scale*. Oxford: Blackwell Publishing, 2002. Print.

Hudson, Ray. *Producing places*. New York: Guilford Press, 2001. Print.

Jessop, Bob. "Reflections on the (il)logics of globalisation." *Globalisation and the Asia Pacific: Contested territories*. Eds. Olds, Kris; Dicken, Peter; Kelly, Philip F.; Kong, Lily; and Wai-chung Yeung. London: Routledge, 1999. 19-29. Print.

Kelly, Philip. F. 1997. "Globalization, power and the politics of scale in the Philippines."Geoforum 28.2 (1997): 151-171. Print.

Lebel, Louis; Garden, Po; and Imamura, Masao. "The politics of scale, position, and place in the governance of water resources in the Mekong region." Ecology and Society 10.2 (2005): 1-18. Print.

Lefebvre, Henri. *The production of space*. Translated by Nicholson-Smith, Donald. Oxford: Blackwell Publishing, 1991. Print

Lewicka, Maria. "Place attachement, place identity, and place memory: Restoring the forgotten city past." Journal of Environmental Psychology 28 (2008): 209-231. Print.

Lewicka, Maria. "What makes neighborhood different from home and city? Effects of place scale on place attachment." Journal of Environmental Psychology 30 (2010): 35-51. Print.

Lidio-McGovern, Ligaya. "Neo-liberal globalization in the Philippines: Its impact on Filipino women and their forms of resistance." Journal of Developing Societies 23.1-2 (2007): 15-35. Print.

MacKinnon, Danny. "Reconstructing scale: Towards a new scalar politics." Progress in Human Geography 35.1 (2010): 21-36. Print.

MacLeod, Gordon. "Place, politics and 'scale dependence': Exploring the structuration of Euro-regionalism." European Urban and Regional Studies 6.3 (1999): 231-253. Print.

Marston, Sallie. A. "The social construction of scale." Progress in Human Geography 24.2 (2000): 219-242. Print.

Nanzer, Bruce. "Measuring sense of place: A scale for Michigan." Administrative Theory and Praxis 26.3 (2004): 362-382. Print.

Okuda, Hidenobu. "Financial factors in economic development: A study of the financial liberalization policy in the Philippines." The Developing Economies 28.3 (1990): 240-270. Print.

Paasi, Anssi. "Place and region: Looking through the prism of scale." Progress in Human Geography 28.4 (2004): 536-546. Print.

Pile, Steve and Keith, Michael, eds. *Geographies of resistance*. London: Routledge, 1997. Print.

Rocamora, Joel. "Discontent in the Philippines." World Policy Journal 8.4 (1991): 633-661. Print.

Rodman, Margaret. C. "Empowering place: Multilocality and multivocality." American Anthropologist 94.3 (1992): 640-656. Print.

Schama, Simon. *Landscape and memory*. London: Harper Perennial, 1995. Print

Sheppard, Eric. "The spaces and times of globalization: Place, scale, networks, and positionality." Economic Geography 78.3 (2002): 307-330. Print.

Smith, Christopher M. and Kurtz, Hilda. E."Community gardens and politics of scale in New York City." Geographical Review 93.2 (2003): 193-212. Print.

Swyngedouw, Erik. "Neither global nor local: "glocalization" and the politics of scale." *Spaces of globalization: reasserting the power of the local*. Ed. Kevin Cox. New York: The Guilford Press, 1997.137-166. Print.

Turgo, Nelson. "Mga Kumbati ng Pagbalikwas: Mga Salimbayang Naratibo ng Pagtanggi sa Planta ng Koryente sa Mauban, 1996–2004." Diwa E-journal 4 (2016). Web.

———. "'Doon po sa Mauba'y, ang mga bangka'y, nagkakarera'y': The politics of the production of Maubanog Festival." Philippine Social Sciences Review 69.1 (2018). Print.

———-. "Sina Gat Uban at Horacio dela Costa sa Mauban: Mga Paghahanap sa Tanawin Tungo sa Pagbubuo ng Lokal na Kasaysayan at Pambayang Identidad." Malay 30.1 (2018): 1-17. Print.

Villanueva, Bonifacio. *Kasaysayan ng Mauban*. Maynila, 1925. Print.

Wilbanks, Thomas J. and Kates, Robert. W. "Global change in local places: How scale matters." Climatic Change 43 (1999): 601-628. Print.

Windsor, J. E. and Mcvey, J. A. "Annihilation of Both Place and Sense of Place: The Experience of the Cheslatta T'En Canadian First Nation within the Context of Large-Scale Environmental Projects." The Geographical Journal 171.2 (2005): 146-165. Print.